

## INYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG MEDI-CAL

---

Kung kailangan ninyo ang abisong ito at/o iba pang dokumento mula sa Plano sa ibang format ng komunikasyon gaya ng malaking font, Braille, o electronic na format, o kung gusto ninyo ng tulong sa pagbasa sa materyal, mangyaring makipag-ugnayan sa Access and Crisis Line (ACL) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-724-7240.

**KUNG HINDI KAYO SUMASANG-AYON SA DESISYONG GINAWA PARA SA KALUSUGAN NG INYONG KAISIPAN O SA PAGGAMOT NG LABIS NINYONG PAG-INOM NG ALAK O PAGGAMIT NG IPINAGBABAWAL NA GAMOT, MAAARI KAYONG MAGHAIN NG APELA. INIHAHAIN ANG APELANG ITO SA INYONG PLANO.**

### **PAANO MAGHAIN NG APELA**

Mayroon kayong **60 araw** mula sa petsang nasa sulat na ito na “Abiso ng Pagpapasya sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo” upang maghain ng apela. **Kung kasalukuyang kayong tumatanggap ng paggamot at gusto ninyong maipagpatuloy ang paggamot sa inyo, dapat kayong humiling ng apela sa loob ng 10 araw** mula sa petsa sa sulat na ito O KAYA ay bago ang tinukoy na petsa ng inyong Plano kung kailan ihihinto ang mga serbisyo. Dapat ninyong banggitin na gusto ninyong maipagpatuloy ang paggamot sa inyo kapag inihain ninyo ang apela.

Maaari kayong maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono o sulat. Kung maghahain kayo ng apela sa pamamagitan ng telepono, dapat kayong mag-follow up sa pamamagitan ng nakasulat na apelang may lagda. Bibigyan kayo ng Plano ng libreng tulong kung kailangan ninyo nito.

**SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO:** Makipag-ugnayan sa isa sa mga ahensya ng tagapagsulong sa ibaba. Kung may problema kayo sa pandinig o pagsasalita, pakitawagan ang 711.

Para sa mga serbisyo sa <b>OUTPATIENT</b> , tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCEHA)  1-877-734-3258 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.	Para sa mga serbisyo sa <b>INPATIENT o RESIDENSYAL</b> , tumawag sa JFS Patient Advocacy Program  619-282-1134 o 1-800-479-2233 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
--	---

**SA SULAT:** Magsagot ng form ng apela o sumulat ng liham sa inyong plano at ipadala ito sa:

## INYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG MEDI-CAL

Para sa mga sebisyo sa <b>OUTPATIENT</b> ,  Consumer Center for Health Education and Advocacy o CCHEA (Center ng Consumer para sa Pagtataguyod at Pagbibigay-kaalaman sa Kalusugan) 1764 San Diego Avenue, Suite 200 San Diego, CA 92110	Para sa mga serbisyo sa <b>INPATIENT o RESIDENSYAL</b> , JFS Patient Advocacy Program (Programa ng Pagtataguyod sa Pasyente) 8804 Balboa Avenue San Diego, CA 92123
--	--

Mayroong mga available na form ng apela ang inyong provider. Maaari ding magpadala ng form sa inyo ang mga ahensyang nasa itaas.

Maaaring kayo mismo ang maghain ng apela. O kaya, maaaring ibang tao tulad ng kamag-anak, kaibigan, tagapagsulong, provider, o abogado ang maghain ng apela para sa inyo. Tinatawag ang taong ito na “awtorisadong kinatawan.” Maaari kayong magpadala ng anumang uri ng impormasyon na gusto ninyong masuri ng inyong Plano. Susuriin ang inyong apela ng provider na iba sa taong nagsagawa ng unang pasya.

Mayroong 30 araw ang inyong Plano upang magbigay ng sagot sa inyo. Sa panahong iyon, makatanggap kayo ng sulat na “Abiso ng Pasya sa Apela.” Sasabihin sa inyo ng sulat na ito kung ano ang napagpasyahan ng Plano. **Kung hindi kayo makatanggap ng sulat na may desisyon ng Plano sa loob ng 30 araw, maaari kayong humiling “Pagdinig ng Estado” at susuriin ng hukom ang inyong kaso.** Pakibasa ang seksyon sa ibaba para sa mga tagubilin kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado.

### **MGA PINABILIS NA APELA**

Kung sa palagay ninyo ay makakasama sa inyong kalusugan ang paghihintay nang 30 araw, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 72 oras. Kapag naghain ng inyong apela, sabihin kung bakit makakasama sa inyong kalusugan ang paghihintay. Tiyaking hihilingin ninyo ang isang “**pinabilis na apela.**”

---

### **PAGDINIG NG ESTADO**

Kung naghain kayo ng apela at nakatanggap ng sulat na “Abiso ng Pasya sa Apela” na nagsasabi sa inyo na hindi pa rin ibibigay ng inyong Plano ang mga serbisyo, o kung **hindi kayo nakatanggap kailanman ng sulat na nagsasabi sa inyo ng naging desisyon at lampas na ito sa 30 araw**, maaari kayong humiling ng “Pagdinig ng Estado” at susuriin ng hukom ang inyong kaso. Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa Pagdinig ng Estado.

Dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng **120 araw** mula sa petsa ng sulat na “Abiso ng Pasya sa Apela.” Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, electronic na paraan, o sa sulat:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-952-5253**. Kung nahihirapan kayo sa pagsasalita o pagdinig, pakitawagan ang **TTY/TDD 1-800-952-8349**.

Inyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Medi-Cal - Apela

BHS sa County ng San Diego (Ang Plano) Rv. 03/15/18

## INYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG MEDI-CAL

- Sa electronic na paraan: Maaari kayong humiling online ng Pagdinig ng Estado. Pakibisita ang website ng California Department of Social Services upang makumpleto ang electronic na form:  
<https://secure.dss.cahwnet.gov/shd/pubintake/cdss-request.aspx>
- Sa sulat: Magsagot ng form ng Pagdinig ng Estado o magpadala ng sulat sa:

**California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430**

Tiyaking isasama ang inyong pangalan, address, numero ng telepono, Petsa ng Kapanganakan, at ang dahilan kung bakit gusto ninyo ng Pagdinig ng Estado. Kung may isang taong tumutulong sa inyo na humiling ng Pagdinig ng Estado, idagdag ang kanyang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o sulat. Kung kailangan ninyo ng interpreter, sabihin sa amin kung anong wika ang sinasalita ninyo. Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa isang interpreter. Kukuhanan namin kayo nito.

Pagkatapos ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw ang pagpapasya sa inyong kaso at pagpapadala sa inyo ng sagot. Kung sa palagay ninyo ay makakasama sa inyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw ng trabaho. Maaari ninyong hilingin sa inyong provider o Plano na sumulat para sa inyo, o maaaring kayo mismo ang sumulat. Dapat ay detalyadong ipinapaliwanag sa sulat kung paano lubhang maaapektuhan ang inyong buhay, kalusugan, o ang kakayahan ninyong makamit, mapanatili, o maibalik ang mabuting kundisyon dahil sa paghihintay nang hanggang 90 araw bago mapagpasyahan ang inyong kaso. Pagkatapos, humiling ng **“pinabilis na pagdinig”** at magbigay ng sulat na naglalaman ng inyong kahilingan para sa isang pagdinig.

### **Awtorisadong Kinatawan**

Maaaring kayo mismo ang humarap sa Pagdinig ng Estado. O kaya, maaaring ibang tao tulad ng kamag-anak, kaibigan, tagapagsulong, provider, o abogado ang humarap para sa inyo. Kung gusto ninyo na may ibang taong haharap para sa inyo, dapat ninyong sabihin sa tanggapan ng Pagdinig ng Estado na may pahintulot ang taong iyon na humarap para sa inyo. Tinatawag ang taong ito na “awtorisadong kinatawan.”

### **LEGAL NA TULONG**

Maaari kayong makakuha ng libreng legal na tulong. Maaari din kayong tumawag sa lokal na programang Legal Aid sa inyong county sa 1-877-734-3258.